

Bersyon ng balangkas

Ika-2 Yugto

# Plano ukol sa hakbang laban sa karukhaan ng bata sa Lungsod ng Yokohama

FY 2022 - 2026

Lungsod ng Yokohama

# Kapitulo 1

# Ukol sa "Ika-2 Yugto ng Hakbang Laban sa Karukhaan ng mga Bata sa Lungsod ng Yokohama"

## 1. Background ng pinaplanong programa

### (1) Aktibidad ng pamahalaan na nauugnay sa mga hakbang laban sa karukhaan ng mga bata

5 taon ang lumipas mula nang ipatupad ang "Act on the Promotion of Policy on Child Poverty" (Act No. 64 of 2013) na naglalayon na maglaan ng kapaligiran kung saan maaaring maging malusog ang paglaki ng mga batang nasa sitwasyon ng karukhaan, at sikapin na bigyan sila ng patas na oportunidad sa edukasyon atbp., upang hindi maapektuhan ng kanilang kapaligirang kinalakihan ang kanilang kinabukasan. Pinagtibay ito noong Hunyo 2019 ang "Act for Partial Revision of the Act on the Promotion of Policy on Child Poverty) (Act 41 of 2019, tatawaging "Revised Act" mula rito), at ipinatupad ito noong Setyembre ng taon ding iyon.

[Mga pangunahing punto ng Revised Act]

◆ Bilang pagpapabuti ng mga layunin nito, itinakda ang mga sumusunod na item
- Ito ay hakbang hindi lamang para sa kinabukasan ng mga bata kundi para din sa kanilang "kasalukuyan"
- Isulong ang pagpawi sa karukhaan ayon sa diwa ng Convention on the Rights of the Child

◆ Bilang pagpapabuti ng mga basikong prinsipyo, itinakda ang mga sumusunod na item
- Bibigyan ng respeto ang opinyon ng bata nang naaayon sa kanyang edad atbp., bibigyan ng priyoridad ang kaniyang ikabubuti, at aalagaan siya sa malusog na paraan.
- Komprehensibo at agarang pagpapatupad ng mga bawat programa nang naaayon sa sitwasyon ng bata
- Isaalang-alang na mayroong iba't salik na panlipunan na sanhi ng karukhaan


Gayundin, alinsunod sa Revised Act, noong Nobyembre 2019, nirebisa ang "Outline on Measures to Combat Child Poverty" na itinakda noong Agosto 2014, at inaprubahan ng Gabinete ang bagong outline (tatawaging "Bagong Outline" mula rito). Sa Bagong Outline, idinagdag ang mga bagong indikasyon tulad ng "karanasang hindi makabili ng pagkain o damit" atbp. bilang "indikasyon na nauukol sa karukhaan ng bata," at patuloy na ipinahiwatig ang mga mahahalagang programa para sa pagpapabuti ng mga indikasyon.

### (2) Antas ng karukhaan ng bata

Alinsunod sa pamantayan ng OECD, ang antas ng karukhaan ng bata ay inilalarawan bilang porsiyento ng lahat ng mga batang 17 taong gulang pababa kung saan ang equivalent disposable income*1 ay mas mababa sa poverty line*2.

Ayon sa inilathala ng Ministry of Health, Labour, and Welfare, ang pambansang antas ng karukhaan ng bata noong 2018 ay 13.5% (14.0% ayon sa bagong pamantayan), at humigit-kumulang 1 sa 7 na bata ang namumuhay sa relatibong karukhaan na mas mababa sa kalahati ng average na pamantayan ng pamumuhay.

**Trend ng antas ng karukhaan ng bata (pambansa)**




Sanggunian) "2019 National Survey of Basic Living Conditions," Ministry of Health, Labour and Welfare

*1: Kita na in-adjust sa pamamagitan ng paghahati sa tinatawag na take-home pay (kita ng sambahayan pagkatapos kaltasan ng buwis, social insurance premium atbp.) sa square root ng bilang ng bilang ng mga miyembro ng sambahayan

*2: Gamit ang datos mula sa National Survey of Basic Living Conditions, kinakalkula ang median sa pamamagitan ng pagsasaayos sa pagkakasunod-sunod ng equivalent disposable income mula sa pinakamababa hanggang pinakamataas, at itinatakda ang poverty line bilang kalahati ng halagang iyon.


*3: Antas ng kahirapan ng bata na kinalkula alinsunod sa bagong pamantayan ng OECD sa kahulugan ng kita noong 2015 (halaga ng conventional disposable income kung saan kinaltas ang buwis sa kotse, kontribusyon sa pensyon ng kumpanya, perang ipinapadala bilang allowance)

## 2. Layunin ng plano

Nilikha ang planong ito sa layunin na bumuo ng mga epektibong programa at gumawa ng sistema upang siguraduhin na makarating ang suporta sa mga bata upang maiwasan ang siklo ng karukhaan dulot ng mga limitasyon sa kanilang mga opsyon sa kinabukasan dahil sa agwat sa pamumuhay at oportunidad sa edukasyon nang dahil sa kapaligiran na kanilang kinagisnan at kinalakihan.

## 3. Lugar ng plano

Bilang plano na nakabase sa “Act on the Promotion of Policy on Child Poverty,” alinsunod sa “Outline on Measures to Combat Child Poverty” na nilikha ng pamahalaan noong 2019, at batay sa background ng isyu at basikong ideya ng “Mid-Term 4-year Plan ng Lungsod ng Yokohama,” ang “Ika-2 Yugto ng Suporta at Pagpapalaki ng Bata sa Lungsod ng Yokohama” at “Ika-3 Yugto ng Basikong Plano para sa Promosyon ng Edukasyon sa Lungsod ng Yokohama,” isasaayos ang mga pagsisikap na makakatulong sa mga programa laban sa karukhaan ng bata at magpapakita ng mga programang isasagawa sa sumusunod na 5 taon.




## 4. Panahon ng plano

Ito ay 5 taon, mula FY 2022 hanggang FY 2026.

## 5. Saklaw ng plano

Suporta para sa mga bata, kabataan at kanilang pamilya na nasa sitwasyon na madaling maghirap mula pa bago sila ipanganak hanggang makapagsarili sila pagkatapos ng unibersidad atbp. sa edad na humigit-kumulang 20 taong gulang dahil kasalukuyang nasa sitwasyon ng pangangailangan, o dahil may sakit o may kapansanan ang kanilang tagapangalaga o dahil nagsosolo ang magulang sa tahanan.

# Kapitulo 2 Tungkol sa sitwasyon ng karukhaan ng bata sa ating lungsod

## 1. Tungkol sa pag-uunawa sa aktuwal na sitawasyon ng karukhaan ng bata

### (1) Tungkol sa pag-uunawa sa aktuwal na sitwasyon ng karukhaan ng bata

- Noong FY 2020, nagsagawa ng Survey ukol sa Aktuwal na Kondisyon ng mga Bata at Pamilya (talatanungan sa mga mamamayan) para sa mga tagapangalaga ng mga batang may 5 taong gulang na nakatira sa lungsod (4,000 katao), batang nasa ika-5 baitang ng elementarya at kanilang tagapangalaga (4,000 katao bawat isa), at batang nasa ika-2 baitang ng junior high at kanilang tagapangalaga (4,000 katao bawat isa). Gayundin, nagsagawa din ng mga panayam sa tauhan ng mga ward office, paaralan, institusyon, NPO atbp. na karaniwang nakikipag-ugnayan sa maraming mga bata at pamilya sa pang-araw-araw.

### (2) Tungkol sa kahulugan ng kategorya ng kita

- Ang 3 kategorya ng kita na ipinapakita sa survey na ito ay ginamitan ng 2019 National Survey of Basic Living Conditions bilang batayan, at itinakda bilang kategoryang natatangi sa survey na ito.

Kategorya ng kita 1: Sambahayan kung saan ang disposable income na kinalkula batay sa bilang ng miyembro ng sambahayan ay <u>mas mababa sa poverty line ng bansa</u> sa pangkalahatan
Kategorya ng kita 2: Sambahayan kung saan ang disposable income na kinalkula batay sa bilang ng miyembro ng sambahayan ay mas mababa sa poverty line, at mas mababa sa median income sa pangkalahatan
Kategorya ng kita 2: Sambahayan kung saan ang disposable income na kinalkula batay sa bilang ng miyembro ng sambahayan ay mas mataas sa median income in bansa sa pangkalahatan

| Bilang ng miyembro ng sambahayan (Pansinin) | Kategorya ng kita 1 | Kategorya ng kita 2 | Kategorya ng kita 3 |
|---|---|---|---|
| 2 katao | <1,750,000 yen | 1,750,000 - 3,449,999 yen | 3,450,000 yen pataas |
| 3 katao | <2,100,000 yen | 2,100,000 - 4,199,999 yen | 4,200,000 yen pataas |
| 4 katao | <2,450,000 yen | 2,450,000 - 4,849,999 yen | 4,850,000 yen pataas |
| 5 katao | <2,750,000 yen | 2,750,000 - 5,449,999 yen | 5,450,000 yen pataas |
| 6 katao | <3,000,000 yen | 3,000,000 - 5,999,999 yen | 6,000,000 yen pataas |
| 7 katao | <3,250,000 yen | 3,250,000 - 6,449,999 yen | 6,450,000 yen pataas |
| 8 katao | <3,450,000 yen | 3,450,000 - 6,949,999 yen | 6,950,000 yen pataas |
| 9 katao | <3,650,000 yen | 3,650,000 - 7,349,999 yen | 7,350,000 yen pataas |

### (3) Tungkol sa paraan ng pagpapakita ng resulta ng survey

- Ipinapakita ang mga sagot bilang porsyento (%) batay sa bilang mga tagasagot (n) para sa bawat katanungan. Gayundin, maaaring hindi maging 100.0% ang suma-total ng breakdown dahil sa rounding off sa dalawang decimal place.
- Ang mga sambahayan na nagsosolo ang magulang ay grupo ng mga sambahayang sumagot ng “naaangkop” sa item na sambahayang nagsosolo ang magulang, at kabilang dito ang mga namatayan ng asawa, diborsyado, hindi kasal, at hiwalay sa asawa. Bukod dito, hindi kabilang sa “sambahayan na nagsosolo ang magulang” ang mga sambahayan na hindi legal na kasal ngunit nasa de facto (common-law) marriage.
- Sambahayan na mayroong 2 magulang: grupo ng mga sambahayan na sumagot ng “hindi naangkop” sa item na “sambahayang nagsosolo ang magulang.”


## 2. Mga isyu na kinasasangkutan ng mga bata at kanilang pamilya

Batay sa mga survey ng aktuwal na kalagayan atbp., nalaman ang mga sumusunod na isyu.


### (1) Iba't ibang epekto dulot ng kakulangang ekonomiko

- Nagdudulot ang iba't ibang epekto ang kakulangang ekonomiko hindi lamang sa agwat sa pamumuhay tulad ng pagkawala ng kakayahang bumili ng mga kinakailangang bagay sa pamumuhay, kundi pati na rin ng agwat sa kalusugan dahil hindi makakuha ng serbisyong medikal, at hindi magandang kalusugang mental. Gayundin, bagama't esensyal ang pagkuha ng matatag na trabaho upang maitatag ang pundasyon na pang-ekonomiko, mataas ang panganib na mabaon sa kahirapan lalo na ang mga pamilya na nagsosolo ang magulang dahil sa hindi matatag na trabaho atbp.
- Upang makapagbigay ng kapaligiran kung saan maaaring palakihin ng lahat ng mga pamilya ang kanilang mga anak nang may kapanatagan ng loob, napakahalagang bigyan sila ng pinansyal na suporta sa pamumuhay, suporta sa paghahanap ng trabaho upang makapagsarili sila, tugunan ang iba't ibang pangangailangan sa childcare at edukasyon, at bigyan ng suporta sa pangangalaga ng bata atbp. upang mabawasan ang alinlangan at pasanin ng pagpapalaki sa anak.

**Karanasan nitong nagdaang 1 taon na hindi nakabili ng mga kinakailangang pagkain dahil sa kakulangan ng pera**
[Tagapangalaga ng estudyanteng nasa ika-5 baitang ng elementarya]





**Karanasan nitong nagdaang 1 taon na hindi nakabili ng mga kinakailangang damit dahil sa kakulangan ng pera**
[Tagapangalaga ng estudyanteng nasa ika-5 baitang ng elementarya]





### (2) Agwat sa kakayahang akademiko at oportunidad na makakuha ng mataas na edukasyon sa mga bata

- Nakikita na sa mga sambahayan na may kakulangang ekonomiko na nagiging limitado ang mga oportunidad ng mga bata para sa kanilang kinabukasan dulot ng gastos para makakuha ng mataas na edukasyon, kakulangan sa kanilang pamumuhay at kagawian sa pag-aaral dulot ng kapaligiran sa tahanan at kakulangan ng kakayahang mag-alaga ng tagapangalaga.
- Kailangan ang mga pagsisikap upang pabutihin ang mga basikong kaalaman para sa pagsasarili ng lahat ng mga bata sa elementarya at junior high, at isulong ang suporta sa pag-aaral atbp. pagkatapos ng eskuwela sa pamamagitan ng kooperasyon ng komunidad. Gayundin, kinakailangang dagdagan ang suporta para sa pamumuhay at pag-aaral ng mga batang lumalaki sa mga sambahayan na mayroong mga isyu sa kalagayang pang-ekonomiko at sa kapaligiran ng pag-aalaga ng bata, at pati na rin ang suporta para sa pagkuha ng mataas na edukasyon sa pamamagitan ng mga scholarship atbp.

**Hindi maintindihan ang aralin sa eskuwela**
[Ika-2 baitang ng junior high]





**Makatotohanang patutunguhan na mataas na edukasyon ng mga bata**
[Tagapangalaga ng estudyanteng nasa ika-2 baitang ng junior high]




## (3) Pag-iisa at mababang pagpapahalaga sa sarili ng mga bata

- Napapansin na ang mga batang madalas na nagsosolo, tulad ng pag-iisa pagkatapos ng eskuwela ay walang kumpiyansa, mababa ang pagpapahalaga sa sarili, at madalas na mahina sa harap ng mahihirap na sitwasyon.
- Ipinapalagay na nagiging mas mahalaga ang pagkakaroon ng mga lugar maliban sa bahay at eskuwela kung saan maaaring manatili ang bata nang panatag ang loob, at maaaring makipag-ugnay sa iba't ibang henerasyon. Mas mahalaga ngayon higit kaysa kailanman ang pagbibigay ng gobyerno ng matatag na suporta sa mga aktibidad ng komunidad.

**Taong kasama pagkatapos ng eskuwela Lunes-Biyernes**
[Estudyanteng nasa ika-2 baitang ng junior high: Ayon sa uri ng sambahayan]




**Gusto mo ba ang iyong sarili?**
[Estudyanteng nasa ika-2 baitang ng junior high: Ayon sa sitwasyon ng pag-iisa:]





## (4) Mga bata at kanilang pamilya na hindi naaabutan ng suporta, o mahirap na maabutan ng suporta

- May mga pagkakataon kung saan hindi alam ng ilan sa mga naghihirap na bata at kanilang pamilya ang mga kinakailangang sistema ng suporta, hindi nila maintindihan ang mga proseso, hindi ito batid ng mismong bata o ng kanyang pamilya, o hindi nila hinahangad na makipag-ugnay sa komunidad o gamitin ang sistema.
- Sa pagbibigay ng suporta at pagsubaybay, kailangang bigyan ng atensyon ang damdamin ng bata at ng tagapangalaga sa paglapit sa kanila at iugnay ito sa suporta. Napakahalaga ang pagsisikap upang palawakin ang maaabot ng taong sumusubaybay, at pataasin ang pagiging sensitibo at kakayahan ng bawat taong nauugnay sa pagbigay ng suporta.

## (5) Iba't ibang salik na panlipunan sa likuran ng karukhaan ng bata

- May mga kaso kung saan nagkakapulupot ang iba't ibang salik na panlipunan na kinasasangkutan ng bata at ng kaniyang pamilya, tulad ng paghihiwalay o pagkamatay ng asawa, pang-aabuso, sakit o kapansanan ng tagapangalaga, balakid sa wika dulot ng pagiging dayuhan atbp.
- Hindi magkakatulad ang mga isyu na hinaharap ng mga bata ng kanilang pamilya. Upang isulong ang mga hakbang laban sa karukhaan ng bata, kailangan ang suporta mula sa iba't ibang anggulo ayon sa naaangkop sa bawat indibidwal.


**Trend sa bilang ng kaso ng pagtugon sa konsultasyon ukol sa pang-aabuso ng bata**




## (6) Epekto ng COVID-19

- May pangamba na dumami ang mga sambahayan na hindi na makabili ng mga pangangailangan tulad ng pagkain, damit, sanitary items atbp. sa dahilang pinansyal bilang resulta ng pagbaba ng kita dulot ng pagkawala ng trabaho, pagbawas ng oras ng pagtatrabaho, atbp. kaakibat ng paglaganap ng impeksyon. Gayundin, nakikita rin ang epekto nito sa kakayahang akademiko, kaugalian sa pamumuhay, at kalagayang sikolohikal ng mga bata anuman ang sitwasyong ekonomiko atbp. ng kanilang pamilya.
- Kailangang ipagpatuloy na pagbutihin ang komprehensibong pagsisikap sa edukasyon, kapakanan, suporta sa pagpapalaki ng bata atbp., pag-isipan ang mga programa at palawakin ang mga ito ayon sa pangangailangan, habang sinusubaybayan ang kondisyon ng lipunan.

**Nakakaramdam ng pagkairita, nanlulumo (Epekto ng COVID-19)**
[Ika-2 baitang ng junior high]




**Pagbaba ng kita (Epekto ng COVID-19)**
[Ama]




## Tungkol sa porsyento ng mga batang namumuhay sa sambahayan na nasa ilalim ng "poverty line" ng bansa.

- Gamit ang datos na nakuha mula sa survey at talatanungan sa mga mamamayan, kinalkula namin ayon sa saklaw ng talatanungan sa bawat baitang ng paaralan ang porsyento ng mga bata sa ating lungsod na namumuhay sa ilalim ng pambansang poverty line, alinsunod sa kinikilalang "poverty line" na kalahati ng halaga ng equivalent disposable income batay sa National Survey of Basic Living Conditions na ginagamit ng pamahalaan upang kalkulahin ang relative poverty rate.
- Bilang resulta, ang porsyento ng mga batang namumuhay sa ilalim ng pambansang poverty line sa ating lungsod ay 6.1% para sa mga batang 5 taong gulang, 7.8% para sa mga estudyanteng nasa ika-5 baitang ng elementarya, at 6.9% ng mga estudyanteng nasa ika-2 baitang ng junior high.
- Gayundin, ang "porsyento ng mga miyembro ng sambahayan na nagsosolo ang magulang, kasalukuyang mayroong anak, at namumuhay sa ilalim ng poverty line," ay 38.6% para sa mga batang 5 taong gulang, 39.2% para sa mga estudyanteng nasa ika-5 baitang ng elementarya, at 28.2% para sa mga estudyanteng nasa ika-2 baitang ng junior high. Nananatili pa rin sa malubhang antas ang kalagayan ng mga sambahayan na nagsosolo ang magulang.

| Indikasyon | Kasalukuyang survey (FY 2020) | | [Sanggunian] Naunang survey (FY 2015) | |
|---|---|---|---|---|
| | Kita noong FY 2019 | | Kita noong FY 2014 | |
| Porsyento ng mga batang naninirahan sa ilalim ng poverty line mula sa mga sambahayang mayroong anak | 5 taong gulang na bata | 6.1% | batang may edad na 0 taong gulang hanggang 24 taong gulang | 7.7% |
| | estudyante sa ika-5 baitang ng elementarya | 7.8% | | |
| | estudyante sa ika-2 baitang ng junior high | 6.9% | | |
| | Kabuuang saklaw ng survey | 6.9% | | |
| Porsyento ng mga miyembro ng sambahayan na nagsosolo ang magulang, kasalukuyang mayroong anak, at namumuhay sa ilalim ng poverty line | 5 taong gulang na bata | 38.6% | | 45.6% |
| | estudyante sa ika-5 baitang ng elementarya | 39.2% | | |
| | estudyante sa ika-2 baitang ng junior high | 28.2% | | |
| | Kabuuang saklaw ng survey | 35.3% | | |

Pansinin: Para sa survey at talatanungan sa mga mamamayan na isinagawa noong FY 2015 para sa paglikha ng unang yugto ng plano, ang naging saklaw nito ay mga tagapangalaga ng batang 0 hanggang <24 taong gulang at bukod pa rito ay naiiba ang kategorya ng saklaw na edad atbp. nito sa kasalukuyang survey, kung kaya't hindi ito maaaring direktang ikumpara.

Pansinin: Ang "porsyento ng mga batang naninirahan sa ilalim ng poverty line mula sa mga sambahayan na mayroong anak" ay kinalkula batay sa poverty line na ginagamit ng pamahalaan sa pagkakalkula ng relative poverty rate. Nagtakda ng bagong poverty line gamit ang halaga at distribusyon ng kita ng sambahayan sa ating lungsod, at hindi ito kalkulasyon ng relative poverty rate sa Lungsod ng Yokohama.

Kapitulo 3

# Hakbang laban sa karukhaan ng bata sa Lungsod ng Yokohama

Batay sa mga isyu at sitwasyon ng karukhaan ng bata sa ating lungsod, inorganisa ang mga basikong layunin, basikong ideya sa paglilinang ng programa at sistema ng programa atbp. tulad ng sumusunod.

## Basikong layunin

Hangad naming lumikha ng "Yokohama" kung saan maipapakita ng mga bata at kabataang magbubuo ng kinabukasan ng Yokohama ang kanilang magagandang punto at potensiyal, at kung saan maaari nilang linangin ang kanilang kakayahan na mag-ukit ng masagana at masayang paraan ng pamumuhay, at gumawa ng lipunan kung saan nagmamahalan ang isa't isa.

Upang lumaki bilang malusog na indibidwal na kayang magsarili ang mga bata at kabataan, sisiguraduhin namin ang oportunidad sa edukasyon at childcare, at kinakailangang kakayahang akademiko anuman ang kanilang kinagisnan at kinalakihang kapaligiran. Gayundin, maglalaan kami ng kapaligiran kung saan matututo silang mabuhay nang may lakas.

## Basikong ideya sa paglilinang ng programa

Kailangang iwasan ang siklo ng karukhaan dulot ng mga limitasyon sa kanilang mga opsyon sa kinabukasan dahil sa agwat sa pamumuhay at oportunidad sa edukasyon nang dahil sa kapaligiran na kanilang kinagisnan at kinalakihan.

Sa ilalim ng dibisyon ng tungkulin ng pambansang gobyerno at ng prefecture, bilang lokal na pamahalaan na maaaring direktang makipag-ugnay sa mga bata at kanilang pamilya sa iba't ibang sitwasyon, bubuo kami ng mga epektibong programa, at gagawa ng sistema upang siguraduhin na makakarating ang suporta sa kanila.

**Pananaw ng mga pagsisikap**

1. Putulin ang siklo ng karukhaan
2. Paggawa ng sistema upang makarating ang walang tigil na suporta mula sa panahon ng pagbubuntis hanggang panganganak
3. Pagpapabuti ng suporta upang tugunan ang iba't ibang salik na panlipunan na sanhi ng karukhaan ng bata
4. Pagsusulong ng hakbang laban sa karukhaan ng bata sa buong lipunan

## Sistema ng programa

**Pundasyon ng hakbang laban sa karukhaan ng bata**

**Pagsusulong ng edukasyon at pangangalaga na magsusuporta sa masaganang paglaki ng bata**

1. Garantiya ng edukasyon at pangangalaga habang maliit pa ang bata
2. Pagsusulong ng edukasyon at pangangalaga na nagbibigay-halaga sa ugnayan ng isa't isa
3. Pagsusulong ng edukasyon na magtuturo kung paano mamuhay sa lipunan
4. Pagsusulong ng ugnayan at kooperasyon sa pagitan ng eskuwela at komunidad
5. Pagsusulong ng polisiya ng edukasyon na gumagamit ng ICT

**Pangunahing Programa I**

Pansinin / Iugnay / Protektahan

1. Pagpapabuti ng walang tigil na suporta mula sa panahon ng pagbubuntis
2. Suporta para sa pagpapalaki ng bata sa komunidad
3. Mga pagsisikap ng mga eskuwela upang tugunan ang iba't ibang isyu
4. Mga pagsisikap ng komunidad upang bantayan ang mga bata / lugar kung saan mananatili pagkatapos ng eskuwela
5. Hakbang laban sa pang-aabuso ng bata

**Pangunahing Programa II**

Suporta para sa mga bata upang makapagsarili sila sa kinabukasan

1. Suporta para sa pamumuhay at pag-aaral
2. Suporta para sa mataas na edukasyon at pagpapatuloy ng pag-aaral

**Pangunahing Programa III**

Suporta para sa mga pamilya upang maitatag ang pundasyon ng kanilang kabuhayan

1. Suporta sa pamumuhay upang palakihin ang bata nang may kapanatagan
2. Pinansyal na suporta
3. Suporta para sa paghahanap ng trabaho at pagsasarili
4. Suporta para sa pagkuha ng tirahan

**Pangunahing Programa IV**

Suporta mula sa iba't ibang anggulo upang bigyang-pansin ang sanhi sa likod ng karukhaan ng bata

1. Suporta para sa pamilya na nagsosolo ang magulang
2. Suporta para sa mga batang dayuhan o may kaugnayan sa dayuhang bansa
3. Suporta para sa mga batang estudyante na hindi pumapasok sa eskuwela
4. Suporta para sa mga batang nangangailangan ng social child care
5. Suporta para sa mga bata at kabataang naghihirap

## Pagsubaybay sa progreso ng plano

Sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga pagsisikap batay sa plano, at sa pananaw ng pagtingin kung mayroong kapaligiran na makakatulong sa pagkamit ng basikong layunin nito, itatakda rin sa ika-2 yugto ng plano ang mga target value batay sa yugto ng paglaki ng mga bata, bilang isa sa mga paraan upang subaybayan ang progreso nito.

| Saklaw | Indikasyon | Pinakahuling value sa kasalukuyan | Target value (FY 2026) |
|---|---|---|---|
| **Panahon ng pagbubuntis** | Sa mga nagpadala ng notisya ng pagbubuntis, porsyento ng mga nagbigay notisya sa ≤11 linggo ng pagbubuntis | 96% (FY 2020) | **96% o higit pa** |
| **Panahon ng preschool** | Bilang ng mga batang naghihintay sa mga day care center atbp. | 16 katao (Abril 2021) | **0 katao** (Abril ng kada taon) |
| **Panahon ng preschool / Estudyante sa elementarya** | Rate ng paggamit ng curriculum upang maging maayos ang pagpapatuloy ng pangangalaga/edukasyon sa pagitan ng preschool at edukasyon sa elementarya | 81.7% (FY 2020) | **93.6%** |
| **Estudyante sa elementarya / junior high** | Pagsasagawa ng proyekto ng tipo ng malapitang suporta sa pamumuhay | 17 lokasyon (FY 2020) | **24 lokasyon** |
| | Bilang ng mga paaralan na nagsasagawa ng mga programa para maglaan ng lugar kung saan makakapag-aral pagkatapos ng eskuwela | 29 paaralang elementarya 59 junior high school (FY 2020) | **35 paaralang elementarya 147 junior high school** |
| | Porsyento ng mga batang estudyante na bumuti ang kalagayan dahil sa isinagawang suporta ng school social worker | 82.3% (FY 2020) | **80% o higit pa** |
| **Estudyante sa junior high** | Porsyento ng mga bata mula sa mga sambahayan na tumatanggap ng livelihood assistance na tumutuloy sa high school atbp. (Bilang ng mga tumutuloy / nagtatapos sa high school) | 97% (FY 2020) | **99%** |
| **Estudyante sa high school** | Porsyento ng mga patuloy na pumapasok sa mga municipal high school (Bilang ng mga nagtapos / bilang ng mga pumasok) | 94% (FY 2020) | **96% o higit pa** |
| | Bilang ng mga nagdesisyon sa kanilang tutuluyan na karera sa kanilang pagtapos sa municipal high school (bilang ng mga nagdesisyon ng tutuluyan na karera / bilang ng mga nagtapos) | 99.7% (FY 2020) | **99% o higit pa** |
| **Mga batang nangangailangan ng social child care** | Porsyento ng paggawa ng patuloy na plano ng suporta para sa mga bata pagkatapos nilang lumabas sa pasilidad | 54% (FY 2020) | **70%** |
| **Mga kabataang naghihirap** | Bilang ng mga nakitaan ng pagiging matatag / pagbuti ng kalagayan sa pamamagitan ng suporta mula sa institusyon na sumusuporta sa pagsasarili ng kabataan atbp. | 88% (Sa mga ito, 32% ang nakitaan ng pagbuti ng kalagayan) (FY 2020) | **90% o higit pa (Sa mga ito, 32% o higit pa ang nakitaan ng pagbuti ng kalagayan)** |
| **nagsosolong magulang** | Sa mga lumikha ng plano ng suporta para sa paghahanap ng trabaho, ang porsyento ng mga nakapasok sa trabaho o nagsisikap upang makapasok | 86% (FY 2020) | **90% o higit pa** |

Kapitulo 4

# Mga pagsisikap ukol sa mga hakbang laban sa karukhaan ng bata

## Pundasyon ng hakbang laban sa karukhaan ng bata - pagsusulong ng edukasyon / pangangalaga na sumusuporta sa masaganang paglaki ng bata

### Tungkol sa pundasyon ng hakbang laban sa karukhaan ng bata

- Naniniwala kami na ang edukasyon at pangangalaga ay gawain para sa lahat ng mga bata, kabilang ang mga nasa kalagayan ng kakulangang pinansyal o nasa iba pang sitwasyon na madaling maghirap, at ang paglilinang ng kinakailangang kakayahan sa mga batang nasa sitwasyon na ito ang magiging pundasyon ng mga hakbang upang labanan ang karukhaan ng bata.
- Tuturuan ang mga bata kung paano mabuhay nang may lakas upang lumaki sila nang malusog at kayang magsarili bilang indibidwal, sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng bata ng edukasyon at pangangalaga na may mataas na kalidad, anuman ang kalagayan ng kanilang pamilya.

| Mga pangunahing pagsisikap | Balangkas |
|---|---|
| 1 Garantiya ng edukasyon / childcare sa panahon ng pagiging sanggol | **[Pagkuha ng lugar para sa childcare / early childhood education]** Upang tumugon sa iba't ibang pangangailangan ng childcare / edukasyon, gagamitin hangga't maaari ang mga kasalukuyang resource ng childcare / edukasyon. Bukod dito, magsisikap kami upang makakuha ng lugar para sa childcare / early childhood education sa pamamagitan ng paghahanda ng mga kinakailangang lisensyadong childcare center atbp. upang hindi na magkaroon ng mga batang naghihintay na makapasok. |
| | **[Pagkuha ng mga kayamanang pantao na mangangasiwa sa childcare / early childhood education]** Upang maitaguyod ang pagkuha ang kayamanang pantao para sa mga day care center, kindergarten, certified child center atbp., susuportahan pareho ang "recruitment" at "retention." Para sa "recruitment," magdaraos ng mga job interview at study tour para sa mga childcare worker, at magbibigay ng tulong atbp. sa mga kindergarten job fair. Para sa "retention," magbibigay ng subsidyo para sa tirahan, pagagandahin ang kompensasyon, bubuo ng komportableng lugar ng trabaho para sa mga childcare worker sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga consultant atbp. |
| | **[Pagpapabuti ng kalidad ng childcare / early childhood education]** Paplanuhin ang pagkuha at pagpapabuit ng kalidad ng childcare / early childhood education sa pamamagitan ng pagpapabuti sa kabihasnan gamit ang training ayon sa uri ng trabaho at bilang ng taon ng karanasan atbp. para sa lahat ng mga pasilidad ng day care at edukasyon sa lungsod, at sa pamamagitan ng pagsulong ng mga inisyatibo gamit ang "Yokohama ☆ Deklarasyon ng Childcare at Edukasyon ~ Pahalagahan ang Damdamin at Isipan ng mga Sanggol at Bata ~" upang ibahagi kung ano ang dapat pahalagahan ng lahat ng mga childcare worker sa childcare / edukasyon. |
| 2 Pagsusulong ng edukasyon at pangangalaga na nagbibigay-halaga sa ugnayan ng isa't isa | **[Maayos na koneksyon sa pagitan ng kindergarten, day care, certified child center, at paaralang elementarya]** Sisikaping makamit ang maayos na koneksyon sa pagitan ng day care / early childhood education at paaralang elementarya sa pamamagitan ng mga palitan sa pagitan ng mga bata at empleyado sa pre-school, day care at elementary educational exchange program upang magkaintindihan ang isa't isa. Gayundin, magsasagawa ng training upang maunawaan at ibahagi ang "hinahangad na katayuan ng bata sa pagtatapos ng kanyang kabataan" at pagbibigay ng mga training ukol sa pag-unawa at paggamit ng curriculum ng kindergarten lalo na para sa mga distritong nagsusulong ng kooperasyon sa pagitan ng kindergarten, day care, at paaralang elementarya. |
| 3 Pagsusulong ng edukasyon na magtuturo kung paano mamuhay sa lipunan | **[Pagpapabuti ng pundamental na kakayahang akademiko upang makapagsarili ang bawat isa]** Isusulong ang pag-aaral gamit ang ICT, tulad ng pagbibigay ng isang device para sa bawat estudyante, digital textbook para sa mga instruktor, pagpapabuti ng "kakayahang magbasa" sa mababang baitang ng paaralang elementarya, at parsiyal na pagbabahagi ng subject sa mataas na baitang ng paaralang elementarya. |
| | **[Pagsulong ng edukasyon ukol sa karapatang pantao]** Sa layunin na maging eskuwela kung saan "kahit sino" ay makakapamuhay nang "masagana" at "may kapanatagan ng loob," isusulong ang edukasyon ukol sa karapatang pantao upang maglinang ng mga bata na matututo sa kanilang ugnayan sa ibang tao, at marunong pahalagahan ang kanilang sarili at ibang tao. Sasanayin ng mga kawani ng edukasyon ang kanilang sentido sa karapatang pantao sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagbabalik-tingin sa kanilang sariling kamalayan, at papataasin ang kanilang kamalayan ukol sa karapatang pantao. Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng pang-araw-araw na klase at aktibidad na pang-edukasyon ng mga bata, papataasin ang kanilang pagpapahalaga sa sarili at kamalayan sa karapatang pantao gamit ang mga karanasan kung saan panatag silang makakalahok at masasabi nilang "Nakaya ko ito," "Naintidihan ko," at "Masaya ito." |
| 4 Pagsusulong ng ugnayan at kolaborasyon sa pagitan ng eskuwela at komunidad | **[Pagsusulong ng pagtatag ng komite ng pagpapalakad ng paaralan]** Upang maisakatuparan ang mas magandang edukasyon mula sa pagkakaisa ng eskuwela, pamilya, komunidad, at lipunan at pamamalakad ng eskuwela na tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad, higit pag isusulong ang pagtatag ng "komite ng pagpapalakad ng paaralan" kung saan ang mga magulang at lokal na residente ay maaaring lumahok sa pagpapalakad ng eskuwela nang may nakatakdang antas na awtoridad at responsibilidad. |
| 5 Pagsusulong ng programa ng edukasyon gamit ang ICT | **[Pagsusulong ng konsepto ng GIGA School]** Gamit ang ICT, isasakatuparan ang "indibidwal at optimal na pag-aaral" na binibigyang respeto ang pagkakaiba ng mga batang mag-aaral nang walang napag-iiwanan, at "kolaborasyon sa pag-aaral na nauugnay sa lipunan" na nagpapahalaga sa ugnayan sa pagitan ng residente sa komunidad, simula sa pag-aaral sa pagitan ng mga batang mag-aaral.<br>Sa konsepto ng GIGA School, naglalaan ng device para sa bawat batang mag-aaral. Upang maiwasan na magkaroon ng agwat sa oportunidad na mag-aral kapag inuuwi ng estudyante ang device para sa mga holiday atbp. dahil sa kalagayang pinansyal ng kaniyang pamilya, nagpapahiram ng mobile router sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong sa pagpapaaral na walang koneksyon ng internet sa bahay. |

## Pangunahing Programa I : Pansinin / Iugnay / Protektahan

**Polisiya ng programa**

- Sa pamamagitan ng maagap na pagbibigay pansin sa iba't bang punto ng pang-araw-araw na kontak at ugnayan ng mga bata, kabataan, at pamilyang naghihirap tulad ng mga day care, kindergarten, eskuwela, komunidad, ward office atbp. mula sa panahon ng pagbubuntis hanggang sa edad ng pagpasok sa paaralan at pagbibinata/pagdadalaga, at pagpapabuti ng network ng mga nauugnay na organisasyon, makakapagbigay ng suporta sa maagang panahon.
- Sa pamamagitan ng paglapit at pagsubaybay sa mga bata, kabataan, at pamilyang naghihirap ng iba't ibang taong nasasangkot sa mga bata at kanilang pamilya, maiiwasan ang pagiging mag-isa, at maisusulong ang pagbuo ng kapaligiran kung saan makakapamuhay nang panatag ang loob.

| Mga pangunahing pagsisikap | Balangkas |
|---|---|
| 1 Pagpapabuti ng walang tigil na suporta mula sa panahon ng pagbubuntis | **[Suporta mula sa Pangkalahatang Sentro ng Suporta para sa Henerasyon na Nagpapalaki ng Bata, Bersyon ng Lungsod ng Yokohama]** Magbibigay nang walang tigil na suporta mula sa panahon ng pagbubuntis hanggang sa panahon ng pagpapalaki ng bata ang "Pangkalahatang Sentro ng Suporta para sa Henerasyon na Nagpapalaki ng Bata, Bersyon ng Lungsod ng Yokohama" sa pamamagitan ng higit na pagpapabuti ng kooperasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga ward welfare center at childcare support center ng komunidad, habang ginagamit ang kanilang mga kakayahan at network.<br>Gayundin, bilang punsyon ng sentro, magtatalaga ng maternal and child health coordinator sa ward welfare and public health center upang pagandahin ang sistema ng patuloy na konsultasyon, lalo na mula sa oras ng pagbibigay ng Maternal and Child Health Handbook hanggang sa ika-4 na buwan pagkatapos ng panganganak. Gayundin, upang mabawasan ang alinlangan at pasanin sa nagbubuntis at tagapangalaga, ipakikilala ang mga serbisyo para sa maternal and child health. |
| | **[Proyekto ng suporta para sa konsultasyon ukol sa pagbubuntis at panganganak]** Patatakbuhin ang "Ninshin SOS Yokohama," serbisyo ng konsultasyon nang walang alinlangan sa email o telepono para sa mga taong nag-aalala o namomroblema tungkol sa pagbubuntis o panganganak dahil sa mga dahilan tulad ng hindi inaasahang pagbubuntis, at pagagandahin ang serbisyo ng konsultasyon mula sa maagang yugto ng pagbubuntis, upang maiugnay ito sa suporta para sa ligtas na pagbubuntis at panganganak. |
| 2 Suporta para sa pagpapalaki ng bata sa komunidad | **[Proyekto ng childcare support center ng komunidad]** Mayroong 1 lokasyon sa bawat ward (2 lokasyon para sa satellite ward), at ito ay pasilidad na magsisilbi bilang sentro ng suporta para sa pagpapalaki ng bata sa komunidad na maaaring gamitin mula sa panahon ng pagbubuntis. Naglalaan nito ng lugar kung saan maaaring maglaro at makipagpalitan ang mga bata at kanilang magulang, naglalaan ng konsultasyon at impormasyon ukol sa pagpapalaki ng bata, pagbuo ng network ng mga taong nauugnay sa suporta sa pagpapalaki ng bata, paglilinang ng mga yamang pantao na kasangkot sa pagbibigay ng suporta sa pangangalaga sa bata, at pagsusulong ng pagbabantay ng mga anak ng isa't isa sa komunidad. Gayundin, aktibong lalapitan ang mga bata at magulang na hindi gumagamit sa serbisyo ng center sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyo sa labas ng center atbp., pagsuporta sa mga aktibidad ng mga club para sa pagpapalaki ng bata, at pagbibigay ng impormasyon atbp. upang mabatid ang tungkol sa suporta ng komunidad sa pagpapalaki ng anak. |
| | **[Proyekto ng lugar ng pagpupulong ng mga magulang at bata]** Ito ay programang pangunahing pinapatakbo ng mga NPO at iba pag pangkat sibiko na gumagamit ng isang kuwarto sa apartment, mga hindi ginagamit na tindahan sa shopping district atbp. upang maglaan ng lugar kung saan makakapaghalubilo nang walang alinlangan ang mga bata at kanilang magulang, at nagbibigay ng konsultasyon at impormasyon ukol sa pagpapalaki ng bata. Gayundin, para sa ilang lugar ng pagpupulong ng mga magulang at bata, mayroon ding serbisyo ng pansamantalang pagbabantay ng bata gamit ang espasyo ng plaza para sa anak ng mga taong kadalasang gumagamit sa serbisyong ito. |
| 3 Pagsisikap ng eskuwela upang tugunan ang iba't ibang isyu | **[Pagpapabuti ng sistema ng suporta para sa batang mag-aaral]** Bukod pa sa pagpapatibay ng sistema ng full-time child support teacher at full-time student guidance teacher upang agarang tuklasin, matugunan, at lutasin ang iba't ibang isyu tulad ng pambubully atbp., magsasagawa ng mga regular na case conference ang komite ng paaralan laban sa pambubully upang magsagawa ng sistematikong pagpapasya at pagtugon sa isyu. |
| | **[Pagsusulong ng paggamit sa serbisyo ng mga school social worker, pagpapatatag ng sistema ng edukasyon, pagpapatatag ng kooperasyon sa pagitan ng mga nauugnay na institusyon]** Upang tugunan ang iba't ibang isyu ng mga bata, isusulong at patatatagin ang paggamit ng serbisyo ng mga school social worker na susuporta sa pagpapatatag ng sistema ng eskuwela at kooperasyon sa pagitan ng mga nauugnay na institusyon mula sa pananaw ng welfare. Gayundin, magsisikap na pagandahin at gawing patas ang kalidad ng suporta sa pamamagitan ng pagbisita sa bawat eskuwela at pagpapatatag ng sistema ng edukasyon ng mga school social worker na kinakailangang higit pang tumugon nang nararapat sa mga pangangailangan ng eskuwela. Gayundin susuportahan ang malusog na paglaki ng mga bata sa pamamagitan ng paglikha ng network ng mga nauugnay na institusyon tulad mga ward office, child consultation center, social welfare council, community care plaza atbp., at pagbibigay suporta mga pamilyang naghihirap. |
| 4 Mga pagsisikap ng komunidad upang bantayan ang mga bata / lugar kung saan mananatili pagkatapos ng eskuwela | **[Proyekto ng edukasyon ng mga bata pagkatapos ng eskuwela]** Layunin nito na maglaan ng libreng "lugar ng paglalaro" para sa lahat ng bata at "lugar ng pamumuhay" para sa mga batang walang makakasama pag-uwi sa bahay atbp. Sa pamamagitan ng paglikha ng ligtas at panatag na lugar kung saan maaari silang manatili pagkatapos ng eskuwela tulad ng after-school kids club gamit ang ang pasilidad ng paaralang elementarya, club ng mga bata pagkatapos ng eskuwela na nagbibigay ng "lugar ng pamumuhay" gamit ang mga pribadong pasilidad atbp. para sa mga batang walang kasama pag-uwi sa bahay, maituturo sa mga bata ang pagsasarili at pakikipagkapuwa-tao at lalaki sila nang malusog. |
| | **[Paglikha ng lugar para sa mga bata sa komunidad]** Susuportahan ang paglikha ng lugar na malapit sa pamayanan upang ang mga boluntaryong aktibidad ng komunidad tulad ng children's cafeteria atbp. ay maging lugar kung saan panatag ang mga bata, at kung saan mapapansin at mababantayan ang mga batang naghihirap. |
| 5 Hakbang laban sa pang-aabuso ng bata | **[Paglalaan ng punsyon ng "Lugar ng Komprehensibong Suporta para sa mga Bata at Pamilya"]** Sa Dibisyon ng Suporta para sa mga Bata at Pamilya ng Ward, maglalaan ng punsyon bilang sentro alinsunod sa Child Welfare Act upang patatagin ang konsultasyon at suporta para sa mga bata at pamilya sa ward na nangangailangan ng suporta tulad ng mga batang nangangailangan ng protective care. |
| | **[Konsultasyon sa LINE 110 para sa mga Bata at Pamilya sa Kanagawa]** Upang madaling makapagkonsulta ang mismong mga bata at kanilang mga tagapangalaga ukol sa kaugnayan sa pagitan ng magulang at anak, problema ng pamilya, alalahanin sa pagpapalaki ng bata atbp., magkasamang isasagawa ng Lungsod ng Yokohama at ng Kanagawa Prefecture, Lungsod ng Kawasaki, Lungsod ng Sagamihara, at Lungsod ng Yokosuka ang "LINE 110 para sa mga Bata at Pamilya sa Kanagawa" upang agarang maiwasan, matuklas at matugunan ang pang-aabuso sa bata sa buong rehiyon ng Kanagawa Prefecture. |

# Pangunahing Programa II : Suporta sa bata para sa kanyang pagsasarili sa hinaharap

## Polisiya ng programa

- Sa pamamagitan ng pagbibigay suporta sa pamumuhay at sa pag-aaral upang makapasok sa high school ang mga batang may problema sa kapaligirang kanilang kinalakihan atbp., at sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng experiential na aktibidad sa komunidad, matututo sila ng kaalaman, kakayahan at paraan ng pakikitungo na kinakailangan para sa kanilang pinansyal at panlipunan na pagsasarili sa hinaharap.
- Tutulungan silang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral at matupad ang kanilang hinahangad na karera sa pamamagitan ng suportang konsultasyon sa eskuwela o ward office, at pinansyal na suporta tulad ng mga scholarship atbp.

| Mga pangunahing pagsisikap | Balangkas |
|---|---|
| **1 Suporta sa pamumuhay at pag-aaral** | **[Proyekto na tipo ng malapitang suporta para sa pamumuhay]** Para sa mga estudyante sa elementarya at junior high na lumalaki sa pamilya na nangangailangan ng suporta dahil sa mga isyu sa kapaligiran kung saan sila pinapalaki, tulad ng tagapangalagang may sakit o sitwasyon ng karukhaan, magbibigay ng suporta upang matuto sila ng mga kaugalian sa pamumuhay tulad ng pagkain, pagsisipilyo ng ngipin atbp., at mga kaugalian sa pag-aaral tulad ng paggawa ng takdang aralin. |
| | **[Proyekto ng lugar ng pag-aaral pagkatapos ng eskuwela]** Para sa mga estudyante sa elementarya at junior high na nahihirapang mag-aral sa bahay o walang sapat na kaugalian sa pag-aral, magbibigay ng suporta sa pag-aaral pagkatapos ng eskuwela atbp. lalo na ang mga residente atbp. ng komunidad tulad ng mga estudyante sa unibersidad upang matulungan ang mga batang magkaroon ng kaugaliang mag-aral at pabutihin ang kanilang pundamental na kakayahang akademiko. |
| | **[Proyekto na tipo ng malapitang suporta sa pag-aaral]** Upang maiwasan ang siklo ng karukhaan, magbibigay ng suporta sa pag-aral para sa mga estudyante sa junior high na naghahangad na tumuloy sa high school atbp. na mahalaga para sa kanilang pagsasarili sa hinaharap. Gayundin, para sa henerasyon na nasa edad ng high school at kabilang ang mga batang hindi pumapasok sa high school atbp., magbibigay ng suporta tulad ng pagbibigay ng kurso, lugar kung saan mananatili atbp. sa layunin na palawakin ang kanilang mga opsyon upang makapagsarili sila sa hinaharap. |
| | **[Pagpapabuti ng mga karanasan at oportunidad na matuto sa komunidad]** Pagagandahin ang kapaligiran kung saan maaaring linangin sa mga bata ang pagpapahalaga sa sarili at kakayahang magsarili sa kinabukasan sa pamamagitan ng iba't ibang karanasan tulad ng play park, karanasan sa kalikasan, agham, at lipunan sa mga pasilidad para sa kabataan atbp., pagbibigay ng oportunidad na matutunan at maranasan ang edukasyon sa pagkain sa lokal na komunidad tulad ng children's cafeteria atbp., at pakikisalamuha sa iba't ibang henerasyon, |
| | **[Suporta sa tanghalian sa pamamagitan ng junior high school lunch program para sa mga kuwalipikado para sa tulong sa pagpapaaral]** Magbibigay ng buong taon na suporta para sa junior high school lunch program sa mga kuwalipikado para sa tulong sa pagpapaaral upang makarating ang suporta sa mga estudyanteng nangangailangan nito. |
| | **[Proyekto ng suporta para sa mga estudyanteng naghihirap (Welcome Cafe)]** Magbubukas ng "Welcome Cafe" sa Yokohama Sogo High School sa pakikipagtulungan sa pribadong organisasyon upang magkaroon ng matutuluyan ang mga estudyante sa lugar na malapit sa kanila, at magbigay ng suporta ng konsultasyon para sa mga estudyanteng namomroblema o may isyu, at magbigay ng suporta para sa pagbuo ng karera. |
| | **[Suporta para sa mga "Young Carer"]** Ukol sa mga batang nagsasagawa ng mga gawaing-bahay at pag-aalaga ng mga kapamilya sa araw-araw na ipinapalagay na adulto ang dapat gumawa nito at tinatawag na "Young Carer," magsasagawa ng survey upang malaman ang kondisyon nito sa ating lungsod, at isulong ang mga pagsisikap upang magbigay ng naaangkop na suporta sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga nauugnay na institusyon. Gayundin, sa pamamagitan ng paggawa ng mga leaflet, pagdaos ng forum upang isulong ang pang-unawa, at pagsasagawa ng ugnayang pampubliko at edukasyon para sa mga mamamayan, eskuwela, at nauugnay na institusyon, mapapabuti ang pagkilala nito sa lipunan, at makakatulong ito sa maagang pagtuklas ng mga Young Carer na madalas ay hindi napapansin. |
| **2 Suporta para sa mataas na edukasyon at pagpapatuloy ng pag-aaral** | **[Proyekto ng suporta sa edukasyon]** Magtatalaga ng mga espesyalista sa pagsuporta sa edukasyon sa mga Dibisyon ng Suporta sa Pamumuhay ng ward upang mabigyan ang mga estudyante sa junior high at kanilang mga tagapangalaga na galing sa mga sambahayan na tumatanggap ng livelihood assistance ng impormasyon ukol sa iba't ibang sistemang nauugnay sa pagpasok sa paaralan, at sistema ng livelihood assistance sa pamamagitan ng pagbisita sa bahay atbp., at bigyan sila ng motibasyon na tumuloy sa mataas na edukasyon. Magbibigay ng suporta para sa pagkuha ng mataas na edukasyon at pagpapatuloy sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagtulong sa paggamit atbp, ng iba't ibang uri ng institusyong makokonsultahan. Dagdag pa rito, magbibigay ng suporta para sa henerasyon na nasa edad ng high school at para sa pagpapatuloy ng pag-aaral pagkatapos makapasok sa high school, at sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang mga opsyon para sa pagsasarili sa kinabukasan, maiiwasan ang siklo ng karukhaan. |
| | **[Proyekto ng High School Scholarship]** Magbibigay ng scholarship sa mga estudyanteng nahihirapang makapasok sa high school dahil sa dahilang pinansyal at mahusay sa pag-aaral. Gayundin, magbibigay ng panggastos para sa pagbili ng textbook sa mga estudyanteng nagtatrabaho na naka-enroll sa part-time na kurso sa municipal high school. |
| | **[Allowance para suportahan ang pag-aaral / muling pag-aaral]** Para sa mga sambahayan na tumutugon sa kondisyon ng kita atbp., inaaprubahan ang allowance para suportahan ang pag-aaral upang gamitin ito sa pagbayad ng (bahagi ng) matrikula ng estudyante na naka-enroll sa high school atbp. Gayundin, kung nais mag-aral muli ang estudyante na huminto sa pag-aaral sa high school atbp., maaari din siyang makatanggap ng parehong suporta sa panahon pagkatapos ng pagtatapos ng pagbigay ng allowance para sa pag-aaral hanggang sa pagtatapos ng pag-aaral (2 taon sa maximum) kung makakuha siya ng sertipikasyon ng allowance para sa muling pag-aaral. |
| | **[Bagong sistema ng suporta para sa pagtuloy sa mataas na edukasyon*]** Upang siguraduhin na hindi tumigil sa pagtuloy o pagtungo sa unibersidad atbp. ang mga estudyante na may motibasyon na mag-aral ngunit walang kakayahang pinansyal, mula Abril 2020, ipinatupad ang bagong sistema ng suporta para sa pagtuloy sa mataas na edukasyon kung saan pinagsama ang programa ng reduksyon sa matrikula at pagpapalawak ng benefit-type scholarship, para sa mga nasyonal, pampubliko, at pribadong unibersidad na saklaw ng sistemang ito. Bilang organisasyon na nagtatag ng Yokohama City University na saklaw ng sistema, papasanin ng Lungsod ng Yokohama ang mga gastusin na nauugnay sa reduksyon ng matrikula atbp.<br>Gayundin, para sa mga nasyonal at pribadong unibersidad, papasanin ng pamahalaan ang gastusin na nauugnay sa reduksyon ng matrikula atbp. ng mga nasabing kabilang na eskuwela kung saklaw sila ng sistemang ito. Upang malaman kung saklaw ng sistema ang eskuwela, tingnan ang webisite atbp. ng naturang eskuwela o ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology kung saan ito na nakahayag. |

*Ito ay programa para sa mga estudyante na papasok sa unibersidad atbp.

## Pangunahing Programa III : Suporta sa pamilya upang maitatag ang pundasyon ng kanilang kabuhayan

**Polisiya ng programa**

- Sa pamamagitan ng proyekto na serbisyo para sa pansamantalang pangangalaga atbp. upang tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga pamilyang nagpapalaki ng bata at suporta atbp. para sa mga pamilyang may alinlangan sa pagpapalaki ng anak at may mga isyu, mababawasan ang pisikal at mental na pasanin ng mga tagapangalaga at lilikha ng kapaligiran kung saan maaaring palakihin ang bata nang panatag ang loob.
- Isusulong ang pagsasarili ng pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pinansyal at suporta sa pagkuha ng trabaho para sa mga sambahayan atbp. na mayroong mahinang pundasyon ng kabuhayan.

| Mga pangunahing pagsisikap | Balangkas |
|---|---|
| 1 Suporta sa pamumuhay upang palakihin ang bata nang panatag ang loob | **[Pagtugon sa sari-saring pangangailangan ng "pangangalaga at edukasyon"]** Sa pamamagitan ng paglalaan ng sari-saring lugar ng pangangalaga at edukasyon, tulad ng pansamantalang pangangalaga ng bata o sanggol sa day care atbp., pangangalaga ng mga batang may sakit / galing sa sakit atbp., susuportahan ang mga magulang na nagpapalaki ng bata at kanilang malusog na paglaki sa pamamagitan ng pagtugon sa iba't ibang paraan ng pagtrabaho ng mga tagapangalaga at pagbawas sa kanilang alalahanin at pasanin. |
| | **[Proyekto ng pagpapadala ng helper bago at pagkatapos manganak]** Magpapadala ng home helper para sa mga nagbubuntis o mga pamilyang mayroong batang may edad na <5 buwan (1 taong gulang kung sa kambal o higit pa) na nangangailangan ng suporta sa gawaing bahay at pangangalaga ng bata, upang mabawasan ang pasanin sa pagpapalaki ng bata, at suportahan silang magkaroon ng panatag na pamumuhay. |
| | **[Proyekto ng pagbisita sa bahay na tumatanggap ng suporta sa pangangalaga ng bata]** Ukol sa pangangalaga pagkatapos manganak at mga pamilya na partikular na kinilala na may pangangailangan ang tagapangalaga ng suporta sa pagpapalaki ng bata, sa pamamagitan ng patuloy na pagbisita sa mga nagbubuntis na kinilala bilang nangangailangan ng suporta bago pa man sila manganak, maisasagawa ang tamang pangangalaga at susuportahan ang malusog na paglaki ng bata. |
| | **[Proyekto ng pagbisita sa bahay para sa suporta ng pangangalaga sa bata]** Magpapadala ng mga tagabisita ng pamilya para sa pagsuporta ng pangangalaga sa bata at mga helper na tagasuporta sa pangangalaga para sa mga tagapangalaga na may problema sa pang-aabuso ng bata atbp., at patuloy na sinusuportahan ng child consultation center, upang pakinggan ang kanilang mga alinlangan, magbigay suporta at konsultasyon ukol sa pagpapalaki ng bata, tulong sa gawaing bahay, at kumpirmahin ang sitwasyon ng pangangalaga. Layunin nito na iwasang maulit ang pang-aabuso sa bata. |
| 2 Pinansyal na suporta | **[Proyekto ng incentive para pumasok sa paaralan]** Magbibigay ng tulong para sa gastusin sa mga kagamitan sa pag-aaral, kagamitan para sa pagbibiyahe papunta sa eskuwela, gastusin para sa school lunch atbp., para sa mga tagapangalaga ng mga batang estudyante na nasa edad na mag-aral at kinikilalang naghihirap na makapasok sa paaralan dahil sa dahilang pinansyal. Gayundin, ipinagkakaloob ang allowance para sa preparasyon sa pagpasok sa elementarya o junior high school bago magsimula ang pasukan. Ipinagkakaloob ang pinansyal na incentive para sa pag-enroll sa layunin na mabawasan ang pinansyal na pasanin sa mga estudyante na pumapasok sa klase para sa indibidwal na suporta sa elementarya at junior high school. |
| | **[Tulong para sa medikal na gastusin ng bata]** Kapag nagpatingin sa medikal na institusyon ang bata dahil sa sakit o nasugatan, magbibigay ng tulong para sa sariling gastos sa medical insurance (may parsiyal na bayad o limitasyon sa kita batay sa edad). |
| | **[Pagbawas o eksempsyon sa bayarin sa paggamit ng serbisyo ng pansamantalang pangangalaga ng bata, pangangalaga ng bata pagkatapos ng eskuwela, atbp.]** Sa pamamagitan ng pagbawas o pagbibigay ng eksempsyon sa bayarin ng mga sambahayan na mababa ang kita atbp. para sa paggamit ng serbisyo ng pansamantalang pangangalaga, pangangalaga ng batang may sakit o galing sa sakit, pagpapalaki ng mga bata pagkatapos ng eskuwela (after-school kids club, club ng bata pagkatapos ng eskuwela) atbp., maglalaan ng kapaligiran kung saan magagamit ang mga serbisyo nang walang pinansyal na pasanin. |
| 3 Suporta ukol sa pagtatrabaho at pagsasarili | **[Livelihood assistance]** Binibigyan ng 8 uri ng tulong pinansyal ang mga taong naghihirap sa pamumuhay alinsunod sa kanilang antas ng pangangailangan ayon sa itinakdang pamantayan ng pamahalaan tulad ng pamumuhay, edukasyon, tirahan, medikal, nursing care, panganganak, okupasyon, at pagpapalibing upang magaranatiya ang minimum na antas ng pamumuhay at suportahan ang pagsasarili. |
| | **[Proyekto ng programa para suportahan ang pagsasarili ng mga tumatanggap ng tulong]** Magtatalaga ng mga espesyalista sa pagsuporta sa paghahanap ng trabaho sa Dibisyon ng Suporta sa Pamumuhay ng ward upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga bakanteng posisyon at suportahan ang paghahanap ng trabaho gamit ang JobSpot at libreng pagpapakilala sa mga trabaho para sa mga taong tumatanggap ng livelihood assistance na maaaring magtrabaho. Para sa mga taong hindi kaagad makahanap ng trabaho, magsisikap upang pataasin ang kanilang motibasyon na makakuha ng trabaho sa pamamagitan ng work experience atbp. Gayundin, magbibigay suporta upang pabutihin ang badyet ng pamilya upang gumanda ang balanse ng kita at gastos at repasuhin ang badyet ng pamilya. |
| | **[Proyekto ng suporta para sa pagsasarili ng mga naghihirap sa pamumuhay]** Magtatalaga ng mga tagasuporta para sa pagsasarili sa Dibisyon ng Suporta sa Pamumuhay ng ward na magbibigay ng komprehensibong suporta mula sa paggawa ng plano ng suporta para sa pagsasarili, JobSpot, serbisyo ng libreng pagpapakilala sa mga trabaho, suporta sa pagkuha ng trabaho gamit ang proyekto ng pagsasanay para sa trabaho, at pati na rin ang suporta atbp. upang mapabuti ang balanse ng kita at gastos at repasuhin ang badyet ng pamilya. |
| 4 Suporta ukol sa pagkuha ng tirahan | **[Priyoridad kapag mag-aaplay para sa munisipal na pabahay]** Bibigyan ng priyoridad ang mga sambahayan na mayroong bata hanggang sa edad ng pagtatapos ng junior high (sambahayan na nagpapalaki ng bata) para sa tsansa na mapili. Bukod dito, mayroong kategorya ng aplikasyon na para lamang sa mga sambahayan na nagpapalaki ng bata. |
| | **[Proyekto ng Safety Net sa Pabahay]** Sa pamamagitan ng sistema ng rehistrasyon ng pabahay para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa pagkuha ng pabahay gamit ang mga bakanteng silid sa mga pribadong inuupahang bahay (Safety Net Housing) at pinansyal na suporta para sa Safety Net na pabahay at suporta sa paninirahan atbp., sisikaping maging maayos ang paglipat sa ng mga taong ito sa pribadong inuupahang bahay. |
| | **[Benepisyo para sa pagkuha ng tirahan (Proyekto ng suporta para sa pagsasarili ng mga naghihirap sa pamumuhay)]** Magbibigay ng benepisyo na katumbas ng upa sa bahay para sa mga taong nabawasan ang kita dahil sa pag-alis sa trabaho, pagsara ng negosyo atbp. at nahihirapang mamuhay, at susuportahan silang makakuha ng trabaho. |

# Pangunahing Programa IV : Suporta mula sa iba't ibang anggulo upang bigyang-pansin ang sanhi sa likod ng karukhaan ng bata

**Polisiya ng programa**

- Bukod pa sa kakulangang pinansyal, mayroong iba't ibang sanhi ng karukhaan ng bata tulad ng diborsyo ng magulang o pagkaulila, balakid sa wika dulot ng pagiging dayuhan, hindi pagpasok sa paaralan o social withdrawal, kapansanan ng bata o ng magulang, kakulangan sa kakayahang mag-alaga ng pamilya, karahasan sa pamilya atbp. Batay sa masalimuot na pagkakapulupot ng mga isyu na ito, magsisikap kami upang magbigay ng suporta mula sa iba't ibang anggulo.

| Mga pangunahing pagsisikap | Balangkas |
|---|---|
| **1 Suporta para sa mga pamilyang nagsosolo ang magulang** | **[Sentro ng pagsuporta sa pagtatrabaho at pagsasarili ng pamilyang may nagsosolong ina (Proyekto ng suporta para sa pagsasarili ng pamilyang nagsosolo ang magulang atbp.]** Magtatalaga ng tagasuporta para sa paghahanap ng trabaho sa Single Parent Support Yokohama (Sentro ng pagsuporta sa pagtatrabaho at pagsasarili ng pamilyang may nagsosolong ina) na pupunta sa tanggapang pangkonsultasyon ng ward office upang magbigay ng one-on-one na konsultasyon sa mga nagsosolong magulang na tumatanggap ng child rearing allowance. Gagawa siya ng plano at dokumentong naaangkop sa bawat isa at susuportahan ang kanilang pagtatrabaho, at bukod pa rito, masusi niyang susuportahan ang kanilang paghahanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagsasagawa ng konsultasyon sa telepono atbp.<br>Mayroon ding suporta para sa pananatili sa trabaho pagkatapos makapasok dito, at nagsasagawa rin ng suporta atbp. upang makalipat sa ibang trabaho na higit na magpapabuti sa kakayahang pinansyal. Gayundin, sa kooperasyon ng ward office, tutugon din sa mga konsultasyon bukod pa sa pagtatrabaho tulad ng konsultasyon bago magdiborsyo, mga alalahanin tungkol sa pagiging solong magulang, atbp. |
| | **[Proyekto ng suporta sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata at panahon ng koneksyon para sa pamilyang nagsosolo ang magulang (Proyekto ng suporta para sa pagsasarili ng pamilyang nagsosolo ang magulang atbp.)]** Para sa mga pamilyang nagsosolo ang magulang na nagpapalaki ng batang nakapasok sa junior high at parehong humaharap sa malaking pagbabago sa pamumuhay, susuportahan ang bata sa pag-aaral at magbibigay ng suportang konsultasyon sa magulang upang tugunan ang mga alalahanin sa pagtutuloy sa mataas na edukasyon, problema ng pagkuha ng panggastos para sa edukasyon atbp. |
| **2 Suporta para sa mga batang dayuhan o may kaugnayan sa dayuhang bansa** | **[Naaangkop na suporta sa eskuwela upang tugunan ang pangangailangan ng mga dayuhang estudyante atbp.]** Ayon sa pangangailangan ng mga batang estudyante at kanilang tagapangalaga, bibigyan sila ng intensibong suporta mula sa simula ng kanilang pagdating sa Japan sa mga pasilidad ng suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon na "Himawari," "Tsurumi Himawari," at "Tsuzuki Himawari (pansamantalang pangalan)*1)." Sa pamamagitan ng mga internasyonal na klase na itatatag sa mga eskuwela, kuwalipikadong guro ng wikang Hapon, mga boluntaryo atbp. na nakakapagsalita ng kanilang katutubong wika, magbibigay ng nararapat na suporta sa eskuwela at tuturuan ang batang estudyante ng wikang Hapon. |
| | **[Foreign Residents Information Center]** Tumutugon sa konsultasyon tungkol sa pangkalahatang pamumuhay para mga dayuhan atbp. na nakatira sa lungsod, at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga internasyonal na palitan, boluntaryong aktibidad, gawaing sibiko sa lungsod tulad ng suporta sa mga dayuhan atbp. Gayundin, kapag napagpasyahan na kailangang bigyan ng ekspertong impormasyon, magpapakilala ng naaangkop na ekspertong organisasyon atbp. |
| **3 Suporta para sa mga batang estudyante na hindi pumapasok sa eskuwela** | **[Pagbisita sa bahay ng Heartftul Friend]** Ang mga estudyante sa unibersidad at graduate school na nag-aaral ng espesyalisasyon sa sikolohiya ay regular na bumibisita sa bahay ng mga batang estudyante na hindi pumapasok sa eskuwela at madalas na hindi lumalabas ng bahay. Nagbibigay sila ng suporta upang makapagsarili sila sa lipunan sa pamamagitan ng pakikipag-usap, paglalaro, at iba pang mga aktibidad na naaangkop para sa batang estudyante. |
| | **[Heartful Space]** Sa pamamagitan ng pagpunta ng mga batang estudyante na kasalukuyang hindi pumapasok sa eskuwela sa silid na ito1-2 beses kada linggo para sa mga malikhaing paggawa at magaang aktibidad ng sports atbp. kasama ang mga kawaning tagasuporta, malilinang ang pagpapahalaga sa sarili at pagtitiwala sa isa't isa ng batang estudyante, at mabibigyan sila ng konsultasyon at paggabay para makapagsarili sa lipunan. Gayundin, nagkakaroon ng pagpupulong para sa palitan ng impormasyon sa pagitan ng mga tagapangalaga ng mga batang estudyante. |
| **4 Suporta para sa mga batang nangangailangan ng social child care** | **[Pagsusulong ng pagpapaubaya sa foster parent / family home]** Upang mapangalagaan ng foster parent o family home ang mga batang hindi maaaring tumira sa kanilang pamilya dahil sa iba't ibang dahilan habang nasa kapaligiran sila na parang sarili nilang tahanan, kukuha at magtuturo ng mga taong mag-aangkin ng responsibilidad na maging foster parent at ipapaubaya sa kanila ang bata. Gayundin, upang higit pang isulong ang foster care tulad ng pagiging foster parent, pag-aampon atbp., magsasagawa ng ugnayang pampubliko at edukasyon upang lumawak ang kaalaman ng mga mamamayan ng lungsod tungkol sa sistemang ito. |
| | **[Proyekto ng aftercare para sa mga batang umalis na sa pasilidad atbp.]** Upang maiwasan ang pag-iisa ng mga batang lumabas sa pasilidad atbp. at tulungan silang magsarili, patuloy na susubaybayan ang kalagayan ng bawat isa sa pamamagitan ng pagbisita sa kanila atbp., pagbibigay ng konsultasyong suporta para sa pangkalahatang pamumuhay, tirahan atbp. Susubaybayan din sila pagkatapos nilang makapasok sa unibersidad o makahanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang makakuha ng kuwalipikasyon, at pagkakaloob ng pambayad para sa upa at unang taon ng unibersidad atbp.<br>Gayundin, bukas ang "Yokohama Port For," isang lugar kung saan maaaring bumisita, kumonsulta, at tumanggap ng impormasyon anumang oras ang mga taong lumabas ng pasilidad. Tutulungan silang makakuha ng indibidwal na suporta kung kinakailangan. |
| **5 Suporta para sa mga bata at kabataang naghihirap** | **[Proyekto ng Sentro ng Konsultasyon para sa mga Kabataan*2]** Para sa iba't ibang problemang pinagdaraanan ng mga kabataan tulad ng social withdrawal at hindi pagpasok sa eskuwela, magbibigay ng patuloy na suporta atbp. sa kanila at kanilang mga pamilya upang makalahok sila sa lipunan sa pamamagitan ng konsultasyon sa telepono, konsultasyon sa tanggapan, pagbisita sa bahay, aktibidad sa grupo atbp. Gayundin magsasagawa ng training para sa mga nauugnay na institusyon at organisasyon na nasasangkot sa pagsuporta sa mga kabataan upang pataasin ang kakayahan ng mga tagasuporta. |
| | **[Proyekto ng Community Youth Plaza*2]** Sa mga Community Youth Plaza (4 na lokasyon sa lungsod), nakikipagtulungan sa mga Sentro ng Konsultasyon para sa mga Kabataan at Youth Support Station upang suportahan ang pagsasarili ng mga kabataang may pinagdaraanang iba't ibang paghihirap tulad ng social withdrawal atbp. sa pamamagitan ng pangkalahatang konsultasyon, pagbibigay ng lugar kung saan maaari silang manatili, at mga social at work experience program.<br>Gayundin, upang mag-abot ng suporta sa mga kabataang may social withdrawal atbp. na hindi pa naaabutan ng suporta, pupunta ang mga counselor ng Community Youth Plaza sa bawat ward upang magdaos ng espesyalisadong konsultasyon, seminar, at pagpupulong para sa konsultasyon. |

*1. Binabalak na buksan sa FY 2022
*2. Ito ay pagsisikap para sa mga kabataan hanggang 39 taong gulang

[Kapitulo] 5

# Tungkol sa istruktura atbp. sa pagsusulong ng plano

## 1. Istruktura atbp. sa pagsusulong ng plano

- Upang isulong ang plano, sa “Pagpupulong ng Konseho ng Pagsusulong ng Plano ukol sa Hakbang Laban sa Karukhaan ng Bata sa Lungsod ng Yokohama” kasama ang mga eksperto mula sa labas at sa internal meeting kasama ang mga nauugnay na ahensya at distrito, pag-uusapan ang tungkol sa sitwasyon ng pagpapatupad ng proyekto, mga isyu atbp., at titiyakin ang siklo ng PDCA ng plano, habang nakikipagtulungan ang iba’t ibang nauugnay na partido para sa pagsasagawa ng pangkalahatang hakbang.

## 2. Pagsusulong ng iba’t ibang organisasyon ng plano at paglilinang ng yamang pantao

- Ang mga hakbang laban sa karukhaan ng bata ay pagsisikap kung saan maghahati-hati ng katungkulan ang maraming tao sa pagbibigay ng suporta sa mga bata at pamilyang naghihirap, tulad ng mga taong magbibigay pansin sa kanila at sa iba’t ibang sitwasyon sa pang-araw-araw na buhay, magsusubaybay, at mag-aabot sa kanila ng suporta, mga taong magbibigay ng ekspertong suporta atbp.
- Bukod pa rito, kailangan din na may inisyatibong makilahok sa pagbibigay ng suporta hindi lamang ang gobyerno kundi pati na rin ang iba’t ibang tao tulad ng mga residente at kumpanya sa komunidad, at mga nauugnay na organisasyon mula sa posisyon at pananaw ng bawat isa.
- Para sa pagsusulong ng plano, magkakaroon ng iisang pag-unawa tungkol sa karukhaan ng bata ang lahat ng mga taong nasasangkot sa pagbibigay ng suporta tulad ng gobyerno, residente sa komunidad, mga kumpanya, nauugnay na organisasyon atbp. Sa pananaw ng pagkonekta sa kinakailangang mapagkukunang-yaman ng komunidad at paggamit sa mga ito, pagsisikapin din ang paglilinang ng kayamanang pantao, pagbabahagi ng impormasyon at pagbubuo ng network upang pagandahin ang suporta.

## 3. Kooperasyon sa pagitan ng nasyonal na pamahalaan, prefecture, at mga kaugnay nga institusyon

- Upang maging mahusay at epektibo sa kabuuan ng lipunan ang mga hakbang laban sa karukhaan ng bata, aalamin nang tama ang mga trend sa nasyonal na pamahalaan at sa prefecture, at sa pamamagitan ng higit pang pakikipagkooperasyon, isusulong ang mga hakbang laban sa karukhaan ng bata.

## 4. Pagsusulong ng paghahatid at pagbibigay ng impormasyon

- Ayon sa survey upang malaman ang aktuwal na sitwasyon ng karukhaan ng bata na isinagawa noong FY 2020, nakita na hindi alam ng mga batang naghihirap at ng kanilang pamilya ang tungkol sa mga kinakailangang sistema ng suporta at hindi nila alam kung paano gawin ang proseso para dito. Ang hindi maagap ng pagbigay ng suporta sa ganitong klase ng mga bata at pamilya ay hindi dapat magdulot ng higit pang kahirapan sa kanila at ibaon sila sa karukhaan
- Upang siguraduhin na makarating ang naaakmang suporta sa mga nangangailangan nito, sa pagsusulong ng ika-2 yugto ng plano, para sa mga pagsisikap ukol sa hakbang laban sa karukhaan ng bata, lilikha ng gabay ng pagsuporta para sa mga bata at pamilya na nagbibigay ng komprehensibo at cross-sectional na balangkas ng sistema, mga maaaring konsultahan atbp. Bukod dito, maghahatid at magbibigay ng impormasyon na madaling maintindihan mula sa pananaw ng mga taong nasasangkot sa pamamagitan ng social media.



Bersyon ng balangkas

Inisyu Abril 2022

# Ika-2 Yugto
# Plano ukol sa hakbang laban sa karukhaan ng bata sa Lungsod ng Yokohama

OPEN YOKOHAMA

Lungsod ng Yokohama, Opisina para sa Bata at Kabataan, Dibisyon ng Pagpaplano at Koordinasyon

6-50-10 Honcho, Naka-ku, Yokohama-shi 231-0005

045-671-4281 | FAX 045-663-8061 | kd-kikaku@city.yokohama.jp